（タガログ語版 R4 年度）

令和４年８月２６日 (Reiwa taon buwan araw)

Para sa mga magulang /tagapag-alaga 保護者　様

Board of Education, Toyohashi Schools Division Office 豊橋市教育委員会
Schools Division Superintendent: Mr. Yamanishi Masayasu 教育長　山西　正泰

**Tungkol sa mga Hakbang Upang Maiwasan ang Impeksyon ng Coronavirus (COVID-19)**
**新型コロナウイルス感染症に係る感染防止対策等について**

Nais po naming magpasalamat sa inyong patuloy na pag-unawa at kooperasyon sa mga aktibidad na pang-edukasyon at mga hakbang sa pag-iwas sa impeksyon.　Ang mga magulang at tagapag-alaga ay nagsusumikap upang maiwasan ang impeksyon maging sa panahon ng summer vacation, ngunit hanggang sa ika-31, naglabas ng isang panawagang palakasin ang mga hakbang upang maiwasan ang Omicron Variant Strain BA. 5.

Sa pagpasok ng second semester, hinihiling po namin ang inyong pang-unawa at kooperasyon sa mga sumusunod na punto upang matiyak ang pag-aaral ng mga bata at upang maipagpatuloy ang mga aktibidad na pang-edukasyon sa paaralan, habang nagsasagawa ng mas masusing hakbang upang maiwasan ang impeksyon.

Bilang karagdagan, upang maiwasan ang impeksyon sa paaralan, hinihiling po namin sa mga magulang /tagapag-alaga na patuloy na magbigay gabay sa inyong mga anak tungkol sa mga pangunahing hakbang upang maiwasan ang impeksyon tulad ng pagsusuot ng face mask, pagkuha ng body temperature, pagsusuri sa pisikal na kondisyon at paghuhugas ng mga kamay.

1. Sa pagsisimula ng second semester, ang mga mag-aaral ay papasok sa paaralan gaya ng dati.
2. Mangyaring huwag papasukin ang bata sa paaralan kung may sintomas tulad ng lagnat.
   ・Bagamat ang inyong anak ay may sintomas tulad ng lagnat, ubo't sipon at mabilis itong humupa (hal. lagnat sa gabi at nawala sa susunod na umaga), mangyaring isaalang-alang ang hindi pagpasok sa paaralan nang isang araw at magpatingin sa doktor kung sakali.
   ・Kung napansin ang mga sintomas ng ubo't sipon sa bata kaagad pagkatapos pumasok sa paaralan, hihilingin po namin ang inyong kooperasyon na sunduin ang bata, pagpahingahin sa tahanan at magpatingin sa doktor.
3. Mangyaring huwag papasukin ang bata sa paaralan kung may miyembro ng pamilya na kasama sa tahanan ay may sintomas ng ubo't sipon
4. Sa umaga, titingnan namin ang papel na nakasulat ang resulta ng pagsukat ng temperatura bago pumasok sa silid-aralan.　Bago magsimula sa hapon, magsasagawa rin ng mga obserbasyon sa kalusugan.
   ・Mangyaring kunin ang body temperature ng bata bago pumasok sa paaralan.
5. Masusing ipatupad ang mga hakbang sa pag-iwas sa impeksyon tulad ng pagsusuot ng face mask, bentilasyon, pagpapanatili ng social distance at paghuhugas ng mga kamay.
   ・Hindi kinakailangang magsuot ng face mask kapag may mataas na panganib ng heatstroke, kapag pinapanatili ang sapat na social distance, o kapag nagsasagawa ng aktibidad sa physical education classes.
6. Maingat na isasaalang-alang at ipapatupad ang "mga aktibidad sa pag-aaral na may mataas pa ring panganib na magkaroon ng impeksyon kahit na pagkatapos gumawa ng mga hakbang laban sa mga nakakahawang sakit".
7. Ang mga event sa paaralan ay isasagawa pagkatapos ng lubusang pagpapatupad ng mga hakbang sa pag-iwas sa impeksyon bilang pagsasaalang-alang sa infection status ng mga bata.
8. Ang mga event na may kinalaman sa overnight stays tulad ng mga school trip ay ipapatupad pagkatapos makumpirma ang infection status ng destination at accommodation, at masusing pagpapatupad ng mga hakbang sa pag-iwas sa impeksyon.
9. Ang online class ay gaganapin kung hindi makakapasok sa paaralan ang bata sa kadahilanang mahina ang kondisyong pampisikal o pagkabalisa tungkol sa impeksiyon.
10. Tungkol sa club activities, bilang isang pangkalahatang patakaran, iwasan ang mga aktibidad na may skin contact sa kalaban tulad ng one-on-one basketball at interpersonal practice tulad ng judo randori (match) na may mahabang oras ng pakikipag-ugnayan sa isang kalaban.
11. Kapag nakikilahok sa mga opisyal na laro at konsiyerto, magsasagawa ng mga hakbang upang maiwasan ang impeksiyon.　Mamimigay ng mga test kit at magsasagawa ng mga antigen test para sa mga aktibidad ng club kung saan natagpuan kaagad na may nagpositibong miyembro, upang ang mga bata ay makalahok nang may kapayapaan ng isip.

＜Contact information お問合せ先＞
Board of Education, Toyohashi Schools Division Office
豊橋市教育委員会学校教育課　0532-51-2826
Policy Planning and Coordination Division 教育政策課　0532-51-2805